Consumer Price Index

So goes my mother's dialogue, proudly going down memory lane as she overhears us complaining on how prices have gone up and how our salaries barely keep pace with our expenses. Everyone must have heard this dialogue at least a couple of times, and this is usually seconded by the term "inflation rate" as if to justify the change in prices.

In this second issue of ***EasyStat***, we shall explain the concept of **Consumer Price Index (CPI)** and its related terms, Inflation Rate (IR) and Purchasing Power of the Peso (PPP).

Ano ang Consumer Price Index (CPI) ?

Ang CPI ay tanda ng pagbabago ng kabuuang presyo ng isang basket ng mga produkto at serbisyo na karaniwang binibili ng isang sambahayan (household) sa isang taon kumpara sa presyo nito sa itinakdang taon (base year). Ito ay ayon sa **National Statistics Office (NSO),** ang pangunahing ahensya ng pamahalaan na nangungulekta ng datos at nagtutuos ng CPI .

"The CPI is a statistical measure of the average changes in prices of a "fixed basket" of goods and services, usually purchased on small quantities for consumption by an average household. It is also an indicator of the change in the average prices of a fixed basket of goods commonly purchased by households relative to a base year".

Sa paghahambing na to, ang presyo sa base year ay itinakda sa 100 para malaman kung gaano kataas o kababa ang pagbabago ng kabuuang presyo ng mga produkto at serbisyo sa tinaguriang market basket. Sa kasalukuyan, ang base year na ginagamit ng NSO ay taong 2000.

Halimbawa, ang CPI ng taong 2006 ay 138. Ito ay nangangahulugan na ang kabuuang presyo ng market basket ay mas mataas ng 38 porsyento kumpara noong 2000. Kung nagkataon na ang CPI ng 2006 ay 95, ang ibig sabihin naman ay mas mababa ng 5 porsyento ang kabuuang presyo ng nasa basket noong 2006 kumpara sa presyo noong 2000.

Ano ang market basket of goods and services at paano ito binubuo?

Ang basket of good and services ay mga produkto o serbisyo na karaniwang binibili o ginagamit ng isang sambahayan. Kasali dito ang gastos sa pagkain, damit, gamit sa pagpapagawa ng bahay, at upa ng tirahan. Nabibilang din dito ang gastos sa gas, ilaw at tubig, mga serbisyo katulad ng transportasyon, komunikasyon (telepono at load sa cellphone), pang-medikal, pang-edukasyon at pang-libangan (recreation).

Ang nilalaman ng basket ay magkakaiba sa iba't ibang rehiyon ng bansa, maging siyudad man o probinsya. Sa pagtutuos ng CPI, binibigyan ng iba't ibang "timbang" (weight) ang bawat grupo ng produkto o serbisyo (commodity group) ayon sa pagpapahalaga (relative importance) sa produkto o serbisyo ng mga pamilya/sambahayan ng lugar na iyon.

Ang mga presyo ng mga produkto at serbisyong ito, bagama't magkakaiba depende sa pinagkukunan ng mga mamimili, ay kinukolekta at tinitingnan sa mga napiling pamilihan (sample outlets) ng NSO, at Bureau of Agricultural Statistics (BAS). Ito ay tinutuos ng NSO para mabuo ang CPI ng nasabing probinsya o lungsod.

Ano ang Inflation Rate (IR)?



Ang "inflation" ay tumutukoy sa patuloy na pagtaas ng presyo. Sinusukat nito ang bilis ng pagtaas (rate of change) ng presyo at hindi ang pagtaas/pagbaba ng presyo mismo. Samakatuwid, ang IR ay porsyento ng pagbabago ng CPI kada taon kaya inihahambing ang CPI sa parehong panahon (month o quarter) ng nakaraang taon. Halimbawa:

$$\textit{Inflation Rate} = \frac{CPI_{present} - CPI_{previous}}{CPI_{previous}} \times 100$$

$$= \frac{139.8 - 135.9}{135.9} \times 100$$

$$= \frac{3.9}{135.9} \times 100$$

$$= 2.9 \text{ percent}$$

Ang ibig sabihin nito ay tumaas ng 2.9 porsyento ang CPI ngayong 1st Quarter 2007 kumpara sa CPI noong 1st Quarter 2006. Dapat alalahanin na ang CPI ay tumutukoy sa pagbabago ng kabuuang presyo ng basket of goods and services na ginagamit ng isang karaniwang sambahayan.



Source of data: National Statistics Office, (NSO)

Ano ang Purchasing Power of the Peso (PPP)?

Ang CPI ay ginagamit din sa pagkwenta ng Purchasing Power of the Peso (PPP). Sinusukat ng PPP ang "tunay" na halaga ng iyong piso sa taong ninanais kumpara sa nakatakdang taon (reference period). Halimbawa, nais mong malaman kung ano ang halaga ng piso noong 2000 kumpara sa taong 2006.

$$PPP = \frac{1}{CPI_k} \times 100$$

Kung ang CPI noong 2006 ay 137.9 at 2000 ang base year

$$2006\ PPP = \frac{1}{137.9} \times 100$$

$$= 0.73$$

NOON *(2000)*	NGAYON *(2006)*
= ₱ 1.00	= ₱ 0.73
= ₱ 1.00	= ₱ 1.38

Lumalabas na ang piso mo noong 2000 ay 73 sentimo na lamang ang halaga sa taong 2006 o kailangan mo ng ₱1.38 ngayong 2006 [(1/73) x 100] upang makabili ng kaparehong halaga ng mga produkto at serbisyo noong 2000.

IBA PANG GAMIT

Ang CPI ay ginagamit din sa negosasyon ng mga kumpanya at labor groups, gayon din ng ilang ahensya ng gobyerno sa pagtatalaga at pagtutuos ng mga tamang pasahod sa mga manggagawa. Ginagamit din ito bilang deflator sa pagkwenta ng "tunay" o "kasalukuyang" halaga (real value) ng mga produkto, bagay o mismong presyo. Para sa mga ekonomista or government planners, nagagamit ang CPI bilang economic indicator para bantayan (monitor) ang paggalaw ng mga presyo sa pamilihan.

The ***Easy Stat*** is a BLES series of "What is...or How-to..." that focuses on basic concepts or measures used in labor and employment statistics. It aims to reach out to ordinary folks and workers by describing these concepts and measures in an illustrative manner and easy-to-understand language or to the extent possible, in Pilipino.

For further information, please contact:

THE DIRECTOR
Bureau of Labor and Employment Statistics
3/F Department of Labor and Employment Bldg.,
Gen. Luna St., Intramuros, Manila
1002 PHILIPPINES

Tel no: (632) 527-3000 loc 317 (Data Bank)

Fax no: (632) 527-5506

E-mail: bles_tsd@yahoo.com

Website:http://www.bles.dole.gov.ph

JULY 2007

PAGKATAPOS BASAHIN, IPASA MO SA IBA.

EASY STAT

No. 2

AN EASY WAY TO UNDERSTAND STATISTICAL CONCEPTS AND MEASURES USED IN LABOR AND EMPLOYMENT

Ang ₱ISO mo magkano NOON at NGAYON?

ISO 9001:2000 Certified

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Bureau of Labor and Employment Statistics